**Wikang Hindi Maipagkakaila**

Wika ko, wika mo rin, wika ng bansang ito
Bagay na kakababit ng kulturang Pilipino
Filipino, wikang nagbuklod sa mga tao
Gamit araw-araw, mapaano mang aspeto

Panitikan, larang na nagbigay ng ideya
Pati na rin ng pagmamahal at importansya
Hindi lamang sa mga taong nakapagbasa
Kundi na rin sa Filipino na ating wika

Filipino, wikang ‘di maipagkakaila
Mapa-tahanan, parke pati sa eskwelahan
Wikang gamit, higit na mas nauunawaan
Ng estudyante mas lalo na sa talakayan

Sa larang ng komunikasyon, ‘di maitanggi
Sa wikang ito, napabilis ang pag intindi
May kalayaang maipahayag ang sarili
Lalo na sa bansang ating pinagmamalaki

Filipino, wikang maipagmamalaki mo
Bagay na di mawawala sa ano mang aspeto
Paunlarin, mahalin at gamitin ng wasto
Ang Filipino, wikang masasabing atin to

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000831101592 from CourseHero.com on 09-05-2021 22:01:02 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/62533173/Tula-tungkol-sa-wikadocx/